
1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2:
## Mga Pangunahing Pansariling Pangangailangan




CO_Q1_AP7_Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Mga Pangunahing Pansariling Pangangailangan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Leonida F.Culang , Marilou L. Buizon

**Editors:** Lolita V. Lorenzo, Editha C. Dimarucut, Joy C. Gabriel

**Tagasuri:** Elizabeth R. Berdadero, Jenelyn Bolante-Butac, Richard O. Ponhagban

**Tagaguhit:** Roberto V. Duldulao Jr, Carmilyn Celestino, Rafael Dacuycuy, Allen Manuel

**Tagalapat:** Jaylord Gallarde

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2:
## Mga Pangunahing Pansariling Pangangailangan

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag–aaralan natin ang iba pang pangangailangan ng isang bata.


Ang isang batàng lumalaki ay may iba’t ibang pangangailangan dapat matugunan upang masiguro na maayos ang kanyang paglaki at pag-unlad.


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

- napipili ang mga pagkaing nakabubuti sa katawan at kalusugan;
- napipili ang mga kasuotang napapanahon;
- nailalarawan ang sariling pangangailangan, at iba pang pangangailangan ng isang bata;
- natatalakay ang pansariling kagustuhan tulad ng paboritong damit.

## *Subukin*


**A. Panuto:** Kulayan ang mga bagay na nakakain.











**B.** Panuto: Iguhit ang iyong damit pambahay at kulayan.

**C**. Panuto: Isulat ang iyong mga paborito.

1. paboritong laro _______________
2. paboritong gawain ______________
3. paboritong libro ________________

Ang pangangailangan mo ay kailangan din ng kapwa mo batang Pilipino. Mithiin ng bawat isa na makuha ang lahat ng kaniyang pangangailangan gaya ng pagkain, kasuotan at iba pa upang mabuhay nang maayos.

| Aralin 1 | Mga Pangunahing Pansariling Pangangailangan |
|---|---|

## *Balikan*

**Panuto:** Ibigay ang mga impormasyong tinatanong. Isulat ang sagot sa mga guhit na nasa ibaba ng bawat bilang.

1. Ano ang iyong buong pangalan?

2. Ano ang tawag sa iyo ng iyong mga kalaro?

3. Ano ang tawag sa iyo ng mga kapatid mo?

4. Ano ang tawag sa iyo ng nanay at tatay mo?

5. Ipinagmamalaki mo ba ang iyong pangalan?

## *Tuklasin*


Awitin ang kanta.

**Bahay Kubo**

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon, ay sari – sari
Singkamas at talong, sigarilyas at mani
Sitaw, bataw, patani,

Kundol, patola, upo’t kalabasa
At saka meron pa labanos, mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
At sa paligid-ligid ay maraming linga

Sa awiting Bahay Kubo, sari-saring gulay at prutas ang nabanggit. Lahat ito ay masusustansiyang pagkain na kailangan ng ating katawan.



## *Suriin*

Ang pagkain ng wasto kasama ang pag-inom ng walong basong tubig sa isang araw ay nagbibigay ng malakas at malusog na pangangatawan. Ang hindi masustansiyang pagkain naman ay nagdudulot ng pagkahina at sakit sa ating katawan.

Ang pagkain ay napakahalaga sa buhay ng tao lalo na sa lumalaking batang katulad mo. Ito ay kailangan upang magawa natin ang mga bagay na dapat gawin sa araw- araw.

Ang damit o kasuótan ay isa ring napakahalagang pangangailangan natin. Nagsisilbi itong takip sa ating katawan laban sa lamig at init ng panahon.

Nauuri ang kasuótan sa iba't ibang panahon. Ito ang mga damit na maaari natin gamitin kapag mainit ang panahon.





Ito mga sumusunod naman ay mga kasuotang ginagamit kapag malamig ang panahon.






Narito naman ang mga kasuόtan na maaari nating gamitin kapag umuulan.

Ang bawat pamilyang Pilipino gaya ng pamilya mo ay kinakailangang mayroong tirahan kung saan ang bawat miyembro ay maaaring magpahinga at magkaroon ng mga gawain na magpapatibay ng inyong samahan.



Bawat batà ay may hilig at kayang gawin. Narito ang mga larawan ng iba't ibang kinahihiligan ng mga batàng katulad mo.


sumayaw


makinig ng mga kanta


magbasa



tumugtog ng instrumento
at kumanta




maglaro

Ang pagiging masunurin ay isang katangian ng mabuting anak at disiplinadong mamamayan.

Ang pag-aaral ng mabuti ay nakatutulong sa pag-unlad ng bayan.

## *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Gumuhit ng linya upang pagtambalin ang mga itim na bilog sa tapát ng mga kasuótan sa tamang lugar.



● ● **pantulog**

● ● **pampaaralan**

● ● **panlabas**


**B. Panuto:** Kulayan ang mga iba pang pangangailangan ng batàng tulad mo.



















**C. Panuto:** Bilugan at kulayan ang mga masusustansiyang pagkain.



## *Isaisip*

**Panuto:** Isulat ang tamang salita sa bawat patlang. Piliin sa kahon ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| pagkain | katawan | masustansiya |
| damit | pag-aaral | |

Kailangang ____________________ at wasto ang ________________. Ang mga masusustansiyang pagkain ay nagpapalakas, nagpapalaki, at nagpapasigla ng ating _______________________. Ang damit ay isa sa mahahalagang pangangailangan natin. Lahat ng tao, bata man o matanda, ay

nangangailangan ng _______________. Ito kasi ang nagpoprotekta sa ating katawan sa lamig o init ng panahon.

Ang __________________ ng mabuti ay nakatutulong sa pag-unlad ng bayan.



## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat ang mga bagay na inilalarawan sa bawat bilang. Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita.

| | | |
|---|---|---|
| gamot | tirahan | sabon |
| pagkain | damit o kasuotan | |

1. Dito nakatira ang buong pamilya. Ano ito?

2. Ito ay bagay na ginagamit upang may pananggalang sa init o lamig ang ating katawan. Ano ito?

3. Kailangang inumin ito upang gumaling sa sakit at lumakas ang katawan. Ano ito?

4. Ito ay bagay na ginagamit sa paliligo upang maging malinis at mabango ang katawan. Ano ito?

5. Kailangan natin ito upang lumakas ang katawan. Ano ito?

## *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit ang pangangailangan ng batà ayon sa sitwasyong nabanggit.

1. nagugutom na si Mila

2. nauuhaw si Rita

3. giniginaw si Roy

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto: A.** Sa loob ng mga kahon, iguhit ang mga nabanggit na paborito mo.

paboritong pagkain:

paboritong damit:

**B.** Kantahin ang Lupang Hinirang sa harap ng mga magulang.

**Lupang Hinirang Lyrics**

Julian Felipe

Bayang magiliw
Perlas ng silanganan
Alab ng puso
Sa dibdib mo'y buhay

Lupang Hinirang
Duyan ka nang magiting
Sa manlulupig
Di ka pasisiil

Sa Dagat at bundok sa simoy
At sa langit mo'y bughaw
May dilag ang tula
At awit sa paglayang minamahal
Ang kislap ng watawat mo'y tagumpay na nagniningning
Ang bituin at araw niya'y kailanpama'y di magdidilim

Lupa ng araw ng luwalhati't pagsinta
Buhay ay langit sa piling mo
Aming ligaya nang pag
May mang-aapi
Ang mamatay ng dahil sayo

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.
1. talong
2. itlog
3. kendi

B. Magakakaiba ang maaaring kasagutan

C. Magakakaiba ang maaaring kasagutan

**Balikan**

Magakakaiba ang maaaring kasagutan

**Pagyamanin**

A.
1. pantulog
2. panlabas
3. pang paaralan

B.
1. sapatos
2. tahanan
3. gamot
4. sabon
5. pagkain
6. lapis at papel/edukasyon

**Pagyamanin**

C.
1. kalabasa
2. carrot
3. saging

**Isaisip**

1. masustansiya
2. pagkain
3. katawan
4. damit
5. pag-aaral

**Isagawa**

1. tirahan
2. damit
3. gamot
4. sabon
5. masustansiyang pagkain

Tayahin
1. Pagkain
2. Tubig
3. Damit o Kasuotan

**Karagdagang Gawain:**

A. Magkakaiba ang maaaring kasagutan.
B. Isasagawa sa gabay na kasama sa bahay

# *Sanggunian*


K to 12 Gabay Pangkurikulum Araling Panlipunan Baitang 1-10. (2016).

Miranda, N. P. (2017). *Araling Panlipunan-Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral.* Geumcheongu, Seoul, Korea: Prinpia co.

K to 12 Grade 1 Learning Material in Edukasyon sa Pagpapakatao (Q1-Q2)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph